Kapag dumating ang isa sa inyo sa pagtitipon, bumati siya [ng Salam]; saka kapag nagnais siya na tumayo, bumati siya sapagkat ang una ay hindi higit na karapat-dapat kaysa sa huli."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kapag dumating ang isa sa inyo sa pagtitipon, bumati siya [ng Salam]; saka kapag nagnais siya na tumayo, bumati siya sapagkat ang una ay hindi higit na karapat-dapat kaysa sa huli."}

[Maganda] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām At-Tirmidhīy, Imām An-Nasā'īy sa Al-Kubrā, at Imām Aḥmad]

Gumabay ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa sinumang dumating sa lugar ng pag-upo ng mga tao na bumati siya sa kanila saka kapag nagnais siya na tumayo mula roon ay magpaalam siya sa mga naroon sa pamamagitan ng pagbati rin sapagkat ang unang pagbati sa sandali ng pagdating ay hindi higit na karapat-dapat kaysa sa huling pagbati sa sandali ng paglisan.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3173